# HINDI NATITINAG

## (PART 2: MAGTIWALA SA DIYOS ANUMAN ANG MANGYARI)

### A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder

Hunyo 6, 2026

Sa Aklat ni Daniel Chapter 4, ang tatlong mga kaibigan ni Daniel- Shadrach, Meshach at Abednego ay nanindigan sa kanilang pananampalataya at sumampalataya sila sa Diyos bilang pagsuway sa utos ng hari na lumuhod at sumamba sa kanyang rebulto. Nagpahayag ang hari na sinumang tumangging sumunod ay dapat ihagis agad sa naglalagablab na pugon. Ang tatlong lalaki ay nagpakita ng hindi natitinag na pananalig sa Diyos, pagtitiwala kahit sa bingit ng kamatayan. Magtiwala tayo sa Diyos kung maganda ang takbo ng ating buhay at maging matapang sa gitna ng unos.




1. **Ang tatlong lalaki ay nanindigan sa kanilang pananalig.**
   1.1. <u>Hindi natitinag na pananalig</u> ay naipapakita sa matibay na paniniwala at integridad sa harap ng kamatayan. Sa ngayon, marami ang "chameleon" Christians na nag-aangkop ng kanilang pananalig sa kasalukuyan kapaligiran at hindi naninindigan para sa katotohanan. Nasaan man tayo, manatili tayong Kristyano at piliin ang tama. Huwag tayong umayon sa takbo ng mundo (Rom.12:2).
   1.2 <u>Walang takot na pananalig ay ang pagpili na magtiwala sa mga pangako ng Diyos kahit sa gitna ng walang-katiyakan o mga pagsubok.</u>
   1.2.1. Ang pagsuway ng tatlong lalaki ay iniulat sa hari (Dan.3:13-14). Tinawag sila ng hari at binigyan ng isa pang pagkakataon, ngunit tumanggi pa rin sila.
   1.2.2. Sa likod ng bawat hindi sinagot na panalangin, may perpektong kalooban ang Diyos, Siya ang nakakaalam kung ano ang pinakamabuti para sa atin.
   1.3 <u>Nagtiwala at nanalig sa Diyos,</u> "*Ang Diyos na aming pinaglilingkuran ang magliligtas sa amin sa pugong iyon…*" Huwag tayong mag-alinlangan sa pananampalataya.
   1.4 <u>Matibay na pananalig</u> ay tumutukoy sa determinadong pananalig na nananatiling matatag sa kabila ng mga pagsubok. Ang pananalig ng tatlong magkakaibigan ay hindi natitinag "...***at kung hindi man Niya gawin ito, hindi pa rin kami sasamba sa rebultong ipinagawa ninyo***." Kahit na hindi sinagot ng Diyos ang ating panalangin, magpatuloy tayo sa pananalangin.
   1.5 <u>Nanindigan ang tatlo.</u> Humiling ng sagot ang hari, hindi sila natakot sabihin na sila ay nakatalaga na sa Diyos. Tuwing binibigyan tayo ng Diyos ng pagkakataon, ipahayag natin ang ating pananalig nang buong tapang. Gayunpaman, kahit piliin natin ang tama pinapayagan pa rin ng Diyos ang pag-uusig. Magtiwala tayo na ipagtatanggol tayo ng Diyos; ipagtatanggol tayo ng Espiritu Santo. "Mapalad ang mga pinag-uusig dahil sa pagsunod nila sa Diyos" (Matt. 5).
   1.6 <u>Tama ang naging pasya ng tatlong magkakaibigan</u>. Lagi tayong may choice: bigyan lugod ang Diyos o bigyan kasiyahan ang sarili; sumamba sa mga diyus-diyosan (kahit ano maliban sa Diyos - kayamanan, pamilya, tagumpay, title, karunungan, comfort, fame).
2. **Ang Diyos ay Diyos ng Pagsubok** (2 Tim. 3:12). **Ang pananampalatayang nasubok ay mapagkakatiwalaan.** Bakit nasubok ang pananampalataya? Upang…
   2.1. maipahayag at mapalakas ang ating faith, obedience at character (Gen. 22);
   2.2. ibaba ang ating sarili at alamin ang nilalaman ng ating puso (Deut. 8:2);
   2.3. mapalago ang ating pagtitis, (Jas.1:1-3);
   2.4. palakasin at patibayin tayo (1Pet.5:10-11);
   2.5. malaman kung talagang mahal natin ang Diyos nang buong puso (Deut. 13:1-3);
   2.6. magbigay ng papuri sa Diyos (1 Pt. 5:7).
3. **Ang hurno ng kahirapan (hatred, persecution) ay hindi masaya pero mabuti sa atin.**
   3.1. Iniutos ng hari sa kanyang mga sundalo na sila ay itali at itaas pa ang init ng pugon.
   3.2. Sa TLF community, sa kabila ng pag-uusig sa mga Elders, sa biyaya ng Diyos umabot ng 40 years ang TLF (Ps. 37:6; Isa. 54:17; Matt. 5:10-11). Magalak kapag dumaranas ng iba't ibang pagsubok; baguhin natin ang ating pananaw; ituring ang sarili na pinagpala; magbigay ng liwanag at inspirasyon.
4. **Ang mga tao ng Diyos ay mga taong iniingatan** (v24-27). Hindi nakapinsala sa kanilang mga katawan ang apoy. Sa halip, ang mga lubid na gumapos sa kanila ay natupok ng apoy. May isa pa sa apoy; nandoon ang Diyos. Labis na namangha ang hari at binigyan sila ng promosyon. Magtiwala sa Diyos na tumutupad sa Kanyang mga pangako.

**KONKLUSYON:** Lagi nating asahan ang Diyos na aakay sa atin. Kapag dumaan tayo sa malalim na tubig o dumaan sa apoy, hindi tayo masasaktan.

**PAGNINILAY:** Kumusta ang iyong pananalig ngayon? Sinusubok ba ang iyong pananalig ngayon? Anong mga idolo ang sinasamba mo?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-edit ni: Vera Tuplano
Tags: #Pananampalataya, #Pananalig
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/1PqZY8ViJB/